

## **Pagganap sa Pagbasa at Pagsulat ng Wikang Tsino ng mga Estudyanteng Hindi Nagsasalita ng Wikang Tsino**

*Ni Dr. HUI Sau-yan, Guro ng Edukasyon, Unibersidad ng Hong Kong*

Ang pag-aaral ng wikang Tsino para sa mga estudyanteng hindi nagsasalita ng wikang Tsino (NCS) ay isang sa mga ikinababahalang sa edukasyong pangwika. Sa mga nakaraang taon, pinalakas ng Gobyerno ang suporta para sa pag-aaral ng wikang Tsino ng mga estudyanteng NCS sa pamamagitan ng, bukod sa iba pa, pagpapatupad ng Balangkas ng Pag-aaral ng Pangalawang Wika sa Kurikulum ng Wikang Tsino (“Bakangkas ng Pag-aaral”) sa mga pangunahin at sekundaryang paaralan at pagbibigay ng karagdagang pondo mula \$800,000 hanggang \$1,500,000 bawat taon para sa mga pangunahin at sekundaryong paaralan na tumatanggap ng 10 o higit pang mga estudyanteng NCS para masuportahan ang pag-aaral ng wikang Tsino ng mga estudyanteng NCS at lumikha ng kapaligirang nakapagpapabilang sa mga paaralan.

Para maintindihan ang pagganap ng mga estudyanteng NCS sa pag-aaral ng wikang Tsino ang Kawanihan ng Edukasyon ay, mula sa taon ng pag-aaral 2013/14, inatasan ang Unibersidad ng Hong Kong upang suriin ang pangkalahatang pagganap ng mga estudyanteng NCS sa pagbasa at pagsulat ng wikang Tsino. Ang mga datos ay kinalap mula sa lahat ng mga pangunahin at sekundaryang paaralan na tumatanggap ng sampu o higit pang estudyanteng NCS sa pamamagitan ng magkasukat na pagpipili. Lumitaw na sa kasama ang pinahusay na suporta at promosyon ng Gobyerno, nagkaroon ng tuloy-tuloy na pagtaas sa bilang ng mga pampublikong sektor na paaralan na tumatanggap sa mga estudyanteng NCS sa mga nakaraang taon. Ang bilang ng mga pangunahin at sekundaryang paaralan na sakop na naturang pagsusuri ay tumaas rin mula 151 sa taon ng pag-aaral 2013/14 hanggang 228 sa taon ng pag-aaral 2017/18. Ang mga sample ay kinuha mula sa bawat paaralan batay sa bilang ng mga estudyanteng NCS na natanggap, at humigit-kumulang 2000 hanggang 4000 na mga sample ang nakuha bawat taon. Ang buod ng pagsusuri sa nakaraang limang taon ng pag-aaral ay nakahihikayat, nagpapahiwatig na ang unti-unting pagbuti ng pangkalahatang pagganap ng mga estudyanteng NCS sa pagbasa at pagsulat ng wikang Tsino.

### *Mga estudyante sa junior primary na nagpapakita ng pagbuti sa pagbasa at pagsulat*

Tulad ng naobserbahan, ang mga estudyanteng NCS na nasa junior primary na mga antas ay naglatag ng matatag na pundasyon sa pag-aaral ng wika sa mga nakaraang taon. Hindi lamang sila nakakabasa, sila rin ay nakapagsusulat ng mga salitang wikang Tsino na karaniwang ginagamit sa araw-araw na pamumuhay, kabilang na ang buhay paaralan at buhay pamilya. Sa mga tuntunin ng kahusayan sa pangunahing wika, ang pagkakaiba sa pagitan ng mga estudyanteng NCS at ng kanilang mga katapat na estudyanteng nagsasalita ng wikang Tsino-junior primary na-mga antas ay unti-unting lumiit sa taon ng pag-aaral 2017/18. Kumpara sa taon ng pag-aaral 2013/14, ang mga estudyante sa Primary 3 ay nagpakita ng pagbuti sa pagbasa at pagsulat. Ang mga estudyante na may mas mataas na abilidad ay nakapagpahayag ng kanilang kuru-kuro ukol sa mga kasulatan na kanilang binasa at sa mga inilarawang tauhan, at nakapagpaliwanag ng kanilang palagay sa pamamagitan ng mga talata na ginamitan ng mga pangatnig. Ito ang mga abilidad sa wika na kailangan bago makapasok ang mga estudyante sa susunod na yugto ng pag-aaral. Ang mga estudyante ng Primary 4 at 5 ay nagpakita rin ng magandang progreso sa pagbasa.

Ipinakikita mga ng datos na importante ang pangangasiwa sa paglipat ng mga estudyanteng NCS mula sa Primary 3 patungo sa Primary 4 kung ang kanilang kaalaman sa wika ay nais pang lalong mapahusay. Ukol sa bagay na ito, ang Unibersidad ng Hong Kong ay inatasan ng Kawanihan ng Edukasyon noong nakaraang taon upang makipag-ugnayan sa mga pangunahing paaralan sa pagbuo ng sistematikong pag-aaral at mga kagamitan sa pagtututo batay sa ika-2 at ika-3 na mga at Antas ng “Balangkas ng Pag-aaral” upang matulungan ang mga estudyante na mapagtagumpayan ang mga suliranin sa pagbasa at pagsulat.

Sa mga sekundaryang antas, kasama ng karagdagang suporta mula sa mga paaralan, ang pangkalahatang pagganap ng mga estudyante sa pagbasa ay nakalulugod. Gayon pa man, ang kanilang pagbuti ay hindi kapuna-puna tulad ng mga nasa pangunahing antas. Sa mga sekundaryang estudyante, ang pagbuti ng mga nasa junior na antas ay may kapansin-pansin at ang porsyento ng kabuuan ng kanilang mga marking nakuha ay tumaas sa mga nakaraang taon. Ang mga estudyante sa junior secondary at nagpakita rin ng pagbuti sa pagsulat. Ilan sa mga estudyante na may mataas na abilidad ay nakapagbibigay ng mas detalyadong pagsasaysay at paglalarawan ng mga kaganapan at ang kanilang mga sulat ay magkakatugma at organisado. Ang ibang mga nakatatandang sekundaryang estudyante na may mas mataas na abilidad ay lubos na nakapagpapahayag ng kanilang damdamin at nakapagbibigay ng maingat na pag-iisip sa pagbuo ng kanilang mga sulat bagama't mas mababa pa rin ang kanilang kahusayan kumpara sa kanilang mga katapat na estudyanteng nagsasalita ng wikang Tsino na may parehong grado.

*Tungkulin ng mga magulang sa pagbibigay ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Tsino.*

Batay sa aming pagsusuri sa mga samples na nakalap sa nakaraang limang taon ng pag-aaral, ang mga estudyanteng NCS (kasama ang mga nag-aaral sa mga paaralan na may mas maraming tinanggap na estudyanteng NCS) ay unti-unting bumuti sa pagbasa at pagsulat mula sa taon ng pag-aaral 2013/14 dahil sa kanilang pagsisikap at sa suporta mula sa Gobyerno at sa kanilang mga paaralan. Malinaw na hangga't ang angkop na suporta ay naibibigay, magagawa ng mga estudyanteng NCS magpakadalubhasa sa wikang Tsino at mapagtagumpayan ang mga suliranin sa pag-aaral ng wikang Tsino bilang pangalawang wika.

Ang aming obserbasyon ay nagpapatunay rin sa kahalagahan ng suporta ng magulang sa mga estudyanteng NCS para sa higit pang pagpapabuti ng pagganap sa wikang Tsino, dagdag pa sa malapit na pakikipagtulungan sa pagitan ng Gobyerno, mga paaralan at mga guro. Ang mga magulang na hindi nagsasalita ng wikang Tsino ay maaari ring pagaanin ang pag-aaral ng Intsik ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanila. Maaari rin nilang pag-aralin ang kanilang mga anak sa mga paaralan na nagbibigay ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Tsino sa lalong madaling panahon upang ang kanilang mga anak ay lalong mahikayat na pag-aralan ang wikang Tsino.

Ang pag-uudyok upang matuto, kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng wika, mga epektibong estratehiya sa pag-aaral, oras na iniuukol at determinasyon ay mga mahahalagang elemento sa epektibong pag-aaral sa wika. Nais naming makita ang lahat ng mga stakeholder, na may sama-samang pagsisikap, na hawak-kamay na nagtatrabaho upang tulungan ang mga estudyanteng NCS upang matuto ng wikang Tsino at makamit ang mga pinakamabuting resulta.

Agosto 2018